HALAW SA KATITIKAN NG IKA-4 NA PANGKARANIWANG PULONG NG IKA-12 NA SANGGUNIANG BAYAN (2025-2028) NG CAVINTI, LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA–28 NG HULYO, 2025 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN, GUSALING ABC, CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, PANG. PUNUMBAYAN / NANGULONG PINUNO

Kgg. Jose Mari L. Esguerra, SB Member
Kgg. Joseph P. Baltazar, SB Member;
Kgg. Dr. Jovenil T. Gordula, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Melandro B. Lope, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva,SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC-President
Kgg. Limron O. Sanchez, SB Member/SKF-President

HINDI DUMALO : " W A L A "

**KAPASIYAHAN BLG. 015 – 2025**

**KAPASIYAHAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI NA NAGHIHIKAYAT SA LABING SIYAM (19) NA PAMAHALAANG BARANGAY NG CAVINTI NA MAGSUMITE SA TANGGAPAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG MGA LUGAR, KALYE AT MGA ISTRAKTURA NA WALA PANG PAGKAKAKILANLAN AT/O HINDI PA GANAP NA REHISTRADO SA PAMAHALAANG LOKAL NG BAYAN NG CAVINTI.**

**May akda: HON. ROMEL J. VILLANUEVA**, SB Member
*Chairman, Committee on Ordinances and Legal Matters and Committee on Education*

**SAPAGKAT,** Alinsunod sa Batas ng Republika Blg. 7160 o mas higit na kilala sa tawag na Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ng 1991, Seksyon 16 , sa nilolooban ng kani-kanilang teritoryong nasasakupan, titiyakin ng mga yunit ng pamahalaang lokal, ang suporta , una sa lahat, ang pagpapanatili at pagpapayaman ng kultura;

**SAPAGKAT,** matapos na maipasa ng ang isang Kautusan para sa wastong pagpapangalan ng mga lugar o istraktura ng nasasakupan ng Bayan ng Cavinti na may pamagat na, " *AN ORDINANCE SETTING GUIDELINES IN THE NAMING AND RENAMING OF PUBLIC STREETS, PUBLIC SCHOOLS, BUILDINGS , BRIDGES, SITIOS AND OTHER SIMILAR PLACES IN THE MUNICIPALITY OF CAVINTI* na ang mga kinauukulang Sangguniang Barangay na sa anyo ng isang resolusyon ay makapagsumite sa kinauukulang Sangguniang Bayan ng mga listahan at/o rekomendasyon para pangalanan ng wasto ang isang lugar ng kanilang nasasakupan o mga istrakturang wala pang legal na pangalan;

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT DE LEON OLIVEROS
Vice Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

Office of the Mayor
Cavinti, Laguna
RECEIVED
BY: Jonard B. Castillo
DATE: 8-28-25 TIME: 10:22



OFFICE OF THE MUNICIPAL ADMINISTRATOR
Cavinti, Laguna
RECEIVED
BY: REGINE MEJILLA
DATE: 08-28-25

**SAPAGKAT,** ang pamahalaang Barangay ang siyang nangungunang nakakaalam ng mga datos ng kanilang mga nasasakupan kung kailan at kung saan ito nagmula o sadyang tumubong katawagan sa kanilang mga maaalamat na mga lugar;

**SAPAGKAT**, ito rin ang isang paraan ng pagkuha ng mga datos upang gamitin sa mga planong pangkaunlaran ng isang pamahalaan gaya ng barangay at ng bayan;

**SAPAGKAT,** ang mga ito ay nagagamit ng sa taunang planong pagpapaunlad ng Barangay;

**SAPAGKAT**, upang maiwasan ang mga mali at hindi akmang pagkakatatag ng mga pangalan sa mahahalagang lugar, kalye, at mga istrakturang itinatatag ng panahon;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, matapos ang isang malaya at masinsinang talakayan sa panukala ni KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, Tagapangulo ng Komite ng mga Batas at Usaping Legal at Edukasyon na ang kapasiyahang ito ay kagya't na maisulong para mas matatag at maunlad na komunidad;

**IPINASIYA,** gaya ng ginagawang PAGPAPASIYA NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN na kilalanin at maipasa ang Kapasiyahang ito.

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Labing siyam na Pamahalaang Barangay ng Bayan ng Cavinti upang maidulog kagyat ito sa kanilang Kgg. Sangguniang Barangay, maging ang Tanggapan ng Municipal Planning and Development Coordinator para sa kanilang maagap na kaalaman, gabay at kaukulang mga tala.

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-4 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika-28 ng Hulyo, 2025.

NITZSHELL TORRES – DELA TORRE
**Kalihim ng Sanggunian Bayan**

**MAY KINALAMAN:**

**KGG. MILBERT L. OLIVEROS**
**Pangalawang Punumbayan/Nangulong Pinuno**

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ARRANTLEE R. ARROYO**
**PUNUMBAYAN**